Balangkas

Ang Museo ng sining ni Keisuke Serizawa sa Lungsod ng Shizuoka ay itinatag upang ipamalas sa madla ang mga gawa at personal na koleksiyon nito bilang kilalang bantog na magtitina ng Japan. Ito ay pawang mga donasyon ni Serizawa sa kanyang sariling bayan, ang Lungsod ng Shizuoka. Mula ng binuksan ang museo noong Hunyo 1981, patuloy itong nangongolekta, nangangalaga at nagsasaliksik ng mga gawaing sining ni Serizawa. Sa pamamamagitan ng iba't-ibang eksibisyon na pinangangasiwaan ng museo, naglalaan ito ng iba't-ibang impormasyon at kaalaman ukol sa mga gawang sining ni Serizawa upang pagpahalagahan ang ang mga ito hanggang sa mga susunod pang henerasyon. Ang museo ng sining ng pambihirang artistiko sa pagtitina ay tumatawag pansin sa maraming tagahanga nito sa loob at labas ng Japan.

Ang gusali na dinisenyo ng arkitektong Shirai Seiichi (1905-1983) ay tunay na hinahangaan ng mga dayuhan. Ito ay nasa Toro Park, ang kilalang labi noong panahon ng Yayoi (200B.C.-A.D.200). Ang Museo ay gawa sa bato, kahoy at tubig na sadyang bumabagay sa kapaligiran at mainam na pagtatanghal sa mga gawang sining ni Serizawa.

Sa ngayon, ang museo ay mayroong humigit kumulang na 800 pirasong gawang sining ni Serizawa at halos 4,500 na koleksiyon nito ng mga katutubong sining. Ang mga ito ay halinhinang iniiksibit ng may tatlong beses sa loob ng isang taon.



Serizawa Keisuke (1895-1984)
Larawan: Yoshikawa Tomizō

Mayroong 15 minutong pagpapakilala rin ukol kay Keisuke Serizawa sa pamamagitan ng high vision screen. (Sa wikang Hapon lamang).

Pabalat: Palamuting disenyo para sa Chion-in, Kyoto

Dalawang tuping kansel: ang silaba ng Hapon "Iroha"

Likhang Gawa ni Serizawa

Si Keisuke Serizawa (1895-1984) ay kinilala bilang "*Living National Treasure*" o nabubuhay na pambansang kayamanan noong taong 1956 dahil sa kanyang sining sa pamamamaraang pagtitina sa istensil na kung tawagin ay KATAEZOME. Ito ay ang pamamamaraan sa paggamit ng istensil o KATAGAMI upang tinain ang mga orihinal na artistikong huwaran sa tela o papel de hapon.

Upang maipahiwatig ang orihinal na istilo ng mga gawa ng yumaong artistikong Keisuke Serizawa, ang katagang KATAEZOME ay nilikha ng Ahensiya ng Ugnayang Pangkultura ng siya ay parangalan bilang "*Living National Treasure*". Ang ilan sa kanyang mga likhang gawa na dinisenyo sa pamamamaraang KATAEZOME ay ang tulad ng KIMONO, OBI o sintas sa baywang, NOREN o kurtina sa pintuan, KABEKAKE o kurtina sa dingding at BYOUBU o kansel. Napabuti n'ya ang pagtitina sa mga katutubong gamit ng Hapon lalo na ang Bingata ng Okinawa. Siya ang kaunaunahang artistiko na nagtagumpay sa paggawa nito hindi lamang sa tela kundi maging sa papel de hapon.

Para sa kanyang mga nakabibighaning paglalarawan at makahulugang huwaran, si Serizawa ay gumagamit ng mga disenyo tulad ng mga tanim, hayop, pantahanang kagamitan, nilalang, tanawin, letra, gayun din ang mga matitingkad at masisiglang pagkukulay. Ang kanyang mga gawa ay hindi lamang sa pagtitina. Mayroon din s'yang mga likhang aklat, makakapal na kurtina, *stained-glass*, muwebles, pagpipinta sa salamin at *calligraphy*.

Ang Pamamaraan ng KATAEZOME

1. Shita-e: (pang-ilalim na disenyo) Pagbabakat ng dibuho sa manipis na *rice paper*.

2. Katahori: (paggugupit ng disenyo) Ang *rice paper* ay dinidikit sa ibabaw ng istensil sa pamamagitan ng pagbababad sa *persimmon solution*, ito ay ginugupit na gamit ang kutsilyo at tinatanggal ang *rice paper*.

3. Kataoki: (paglalagay ng disenyo) Maayos na inilalapat ang tela sa ibabaw ng *board*. Ang istensil ay ipinapatong sa tela at ang pandikit na gawa sa ipa ng bigas at pulbos ay ipinapahid sa ibabaw nito na gamit ang *spatula*. Magdidikit ang ginupit na bahagi ng istensil at ang tela. Maproprotektahan ng pandikit ang mga bahagi na di dapat makulayan. Ang pamamaraan sa istensil ay paulit-ulit na gagawin sa tela hanggang makabuo ng isang dibuho.

4. Irosashi: (pagkukulay) Kapag natuyo ang pandikit, ang pandikit na gawa naman sa pulbos ng *soybeans* ay ipinapahid sa buong tela. Ang pangkulay naman ay ipinapahid sa walang pandikit na bahagi ng tela.

5. Mizumoto: (pagbabanlaw) Matapos pahiran ng kulay ang tela, ito ay ibinababad sa malamig na tubig para tunawin ang pandikit. Ang natitirang di maalis na pandikit ay tinatanggal sa pamamagitan ng pag-iiskoba sa tela sa malamig na tubig. Kung ang paligid ng kulay ng tela ay maputi na, nangangahulugang ang gawain ay tapos na.

6. Noribuse: (pagkontra sa kulay) Ang pandikit (tulad ng nabanggit sa # 3) ay inilalagay sa *tube* at ito ay papisil na ipinapahid sa ibabaw ng kinulayang dibuho.

7. Jizome: (pondong pagbabanlaw)- Ang gawang tela ay inuunat sa sampayang kawayan hanggang sa matuyo ito. Ipinapahid sa buong tela ang *soybean liquid*. Kapag natuyo na ito, papahiran naman ito ng kulay.

Iba rin naman ang pamamaraan kung ang tela ay *indigo* (AIZOME) ang titinaan. Matapos isampay at patuyuin ito, ang tela ay tinutupi ng papileges o *accordion pleats*. Ibababad ito sa *indigo bath*, matapos ito ay ipapagpag-pagpag ang tela upang ang kemikal na reaksiyon ng kulay ay lumabas. Ang pamamaraang ito ay paulit-ulit na ginagawa hanggang sa lumabas ang kulay ng dibuho.

8. Mizumoto: (pagbabanlaw) Ang tela ay nilalabhan (tulad sa #5) upang tanggalin ang pandikit. Matapos banlawan, ito ay pinatutuyo sa sampayan.

タガログ語

NOREN (pampintuang kurtina): OTAKIZU (talon)

Koleksiyon ni Serizawa

Ang kritiko sa sining na si Yanagi Sōetsu (1889-1961) ay ang nakatuklas ng mga pambihirang sining ng pagyari sa kamay o handicrafts na gawa ng mga di-kilalang manlilikha. Upang ang mga gawang ito ay maipakilala sa publiko, itinayo n'ya ang "Mingei (katutubong kasanayan) Movement". Si Keisuke Serizawa na kasang-ayon rin sa paniniwala ni Yanagi ay malimit na nangongolekta ng mga katutubong gawang sining sa loob at labas ng bansa. Ang kanyang mga koleksiyon ay bumighani sa kanya dahil sa buhay na buhay na pagkakagawa ng mga ito. Hindi naglaon, naging inspirasyon n'ya ang mga ito para sa kanyang sariling gawa.

Ang ilan sa kanyang mga koleksiyon ay ang mga tela, katutubong larawan o pinta, palayok o paso, binarnisang kagamitan, aklat, muwebles, laruan, maskara at mga gawang kahoy. Mamamalas sa mga koleksiyong ito ang tunay na pagkaartistiko at pambihirang saysay ng mga lumikha nito.

Ang mga koleksiyong ito ay tinatawag na "Serizawa Collection". May halos 4,500 piraso ng koleksiyon na kasalukuyang pinapangalagaan at iniiksibit sa kanyang museo ng sining.

Pansariling Kasaysayan

Si Keisuke Serizawa ay ipinanganak noong Mayo 13, 1895 sa Lungsod ng Shizuoka. Siya ay pangalawang anak ni Kakujuro Oishi, magdadamasko. Matapos siyang magtapos sa Mataas na Paaralan ng Shizuoka, siya ay nag-aral ng pagdidisenyo sa Tokyo Higher Technical School (Tokyo Institute of Technology sa kasalukuyan). Nang siya ay magtapos ng pag-aaral ay bumalik s'ya sa Shizuoka. Noong 1917, sa edad na 22 ay pinakasalan n'ya si Tayo Serizawa at pinalitan n'ya ang kanyang pangalan sa Serizawa.

Siya ay nagturo ng disenyo sa Shizuoka Technical Laboratory at Technical High School, kasabay nito, s'ya ay nakikipag-ugnayan sa mga pang-industriyang pandisenyo. Dalawang bagay ang nagtulak sa kanya upang maging artistiko ng pagtitina. Una, nang matuklasan n'ya ang craft o gawa sa kamay sa sanaysay ni Sōetsu Yanagi, ang namumuno ng "Mingei Movement" at siya ring nakatulong ng malaki kay Serizawa. Ang ikalawang dahilan ay ang pagkakataong mamalas n'ya sa Okinawa ang pambihirang pamamamaraan ng pagtitina ng "Bingata".

Noong 1929, inilahok n'ya sa KOKUGAKAI Exhibition ang kanyang unang gawa, "SHAKUSHINAMON KABEKAKE" o wall drape. Ito ay nagwagi ng gantimpala mula sa KOKUGAKAI. Siya ay naging kaanib rin ng naturang grupo dahil sa kanyang mga pambihirang likhang gawain. Sa kahilingan ni Yanagi, noong 1934, siya ay lumipat sa Kamata, Tokyo, kasama ang kanyang pamilya. Ito ang naging simula na ilaan n'ya ang kanyang buong panahon sa paggawa ng mga sining sa pagtitina.

Matapos ang 1939, may ilang beses din siyang nagtungo sa Okinawa upang mag-aral ng Bingata. Napagbuti n'ya at napaunlad ang paggawa ng Bingata at iba pang pamamaraan sa pagtitina sa pamamagitan ng paggamit ng KATAGAMI o istensil na papel. Ang kanyang huling pamamaraan ay ang tinatawag na KATAEZOME at marami rin siyang naipadala nito sa iba't-ibang panig ng mundo.

Sa mga huling panahon ng kanyang buhay ay nagkamit siya ng kahangahangang popularidad sa mga pampersonal na eksibisyon na ginanap dito sa Japan at sa ibang bansa. Ang eksibit na "Serizawa" noong 1976 na ginanap sa Grand Palais sa Paris ay ang higit na nagpatunay ng kanyang katanyagan.

Siya ay tumanggap rin ng ilang mga karangalan kabilang na ang mga sumusunod.

- Pinarangalang "Living National Treasure, 1956
- Tumanggap ng Purple Ribbon Medal, 1966
- Pinarangalang "Honorary Citizen of Shizuoka City", 1967
- Tumanggap ng ika-4 na pag-uutos ng Sacred Treasure mula sa pamahalaan ng Japan, 1970
- Pinarangalang "Person of Cultural Merit", 1976
- Tumanggap ng "Contributor to the Arts" gawad mula sa pamahalaan ng France, 1983

Si Keisuke Serizawa ay pumanaw noong April 5, 1984 sa edad na 88.

Museo ng Sining ni Keisuke Serizawa Lungsod ng Shizuoka

5-10-5 Toro, Suruga-ku, Shizuoka-City, 422-8033 Japan
Tel: 054-282-5522 FAX: 054-282-5510
http://www.seribi.jp